

DRAFT PARA SA MAP C-1a

ORDINANSA BLG. XX-2017

ISANG ORDINANSA NG LUNGSOD NG FREMONT NA SUMUSUSOG SA FREMONT MUNICIPAL CODE CHAPTER 2.05 TUNGKOL SA HALALAN UPANG MAGTATAG NG ISANG PROSESO NG PANG-DISTRITONG HALALAN AT SUMUSOG SA CHAPTER 2.05 UPANG GUMAWA NG IBA PANG MGA SUMUSUNOD AT TEKNIKAL NA MGA PAGBABAGO

KUNG SAAN, sinusuportahan ng Lungsod ng Fremont ang buong partisipasyon ng lahat ng mga residente sa pagboto ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod; at

KUNG SAAN, alinsunod sa isang inisyatiba ng botante noong 1977, ang Measure A, na sinusugan ng mga botante noong 1996, ang Measure AA, ang Lungsod ng Fremont sa kasalukuyan ay naghahalal ng apat ng mga Miyembro ng Konseho ng Siyudad nito gamit ang isang malakihang sistema ng halalan, na may hiwalay na inihalal na alkalde, na miyembro din ng Konseho ng Lungsod; at

KUNG SAAN, sa malakihang sistema ng halalan, ang mga kandidato ay maaaring manirahan sa anumang bahagi ng Lungsod at ang bawat Miyembro ng Konseho ng Lungsod ay inihalal ng mga botante ng buong Lungsod; at

KUNG SAAN, sa isang pang-distritong sistema ng halalan, ang isang kandidato para sa Konseho ng Lungsod ay dapat naninirahan sa distrito kung saan niya nais kumatawan, at tanging ang mga botante sa distritong iyon ang karapat-dapat na bumoto upang magpasya kung sino ang kanilang magiging kinatawan; at

KUNG SAAN, noong February 15, 2017, ang Lungsod ay nakatanggap ng isang sulat mula sa isang abogado, si Kevin Shenkman, na iginigiit na ang malakihang sistema ng halalan ng Lungsod ay lumabag sa California Voting Rights Act, at nagbabanta ng paglilitis kung ang tatanggihan ng Lungsod na lumipat sa pang-distritong halalan; at

KUNG SAAN, ang sulat ay hindi naglalaman ng anumang katibayan ng isang paglabag, ngunit ang gastusin ng pagtatanggol laban sa isang paghabol sa ilalim ng California Voting Rights Act ay lubhang mataas; at

KUNG SAAN, ang Seksyon 34886 ng California Government Code, na sinusugan noong Enero 1, 2017, ay nagbibigay ng:

Sa kabila ng Seksyon 34871 o anumang ibang batas, ang pambatasang katawan ng isang lungsod ay maaaring magpatibay ng isang ordinansa na kinakailangan na ang mga kasapi ng lehislatibong katawan ay dapat ihalal ayon sa distrito o ayon sa distrito na may ihahalal na alkalde, tulad ng inilarawan sa mga subdibisyon (a) at (c) ng Seksyon 34871,

nang hindi na kinakailangang magsumite ng ordinansa sa na aaprubahan ng mga botante. Isang ordinansang pinagtibay alinsunod sa seksyong ito ay dapat magkaroon ng isang pahayag na ang mga pagbabago sa paraan ng pagboto ng mga miyembro ng pambatasan katawan ay ginagawa upang isulong ang mga layunin ng California Voting Rights Act ng 2001 (Chapter 1.5 (nagsisimula sa Seksiyon 14025) ng Dibisyon 14 ng Kodigo sa mga Halalan); at

KUNG SAAN, ang Seksiyon 34871(c) ng California Government Code ay nagbibigay ng isang halalan ng mga kasapi ng lehislatibong katawan ng isang lungsod ng mga distrito sa anim na distrito, na may isang inihalal na alkalde; at

KUNG SAAN, sa regular na pulong nito noong Marso 21, 2017, pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ang resolution na layunin na magtatag ng isang pang-distritong proseso ng pagboto alinsunod sa Seksiyon 10010 ng Kodigo sa mga Halalan; at

KUNG SAAN, alinsunod sa Seksiyon 34886 ng California Government Code, ipinahayag na ang pagbabago sa paraan ng pagboto ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Fremont na ginagawa ng ordinansang ito ay upang ipatupad ng Lungsod na ito ang garantiya ng Seksiyon 7 ng Artikulo I at ng Seksiyon 2 ng Artikulo II ng Konstitusyon ng California, gaya ng nakalagay sa Seksiyon 14031 ng California Voting Rights Act, at

KUNG SAAN, sa ilalim ng mga probisyon ng Seksiyon 10010 ng California Elections Code, ang isang pampulitikang subdivision na magbabago mula sa isang malakihang paraan ng halalan patungo sa isang pang-distritong paraan ng halalan ay dapat magsagawa ng hindi bababa sa dalawang mga pampublikong pagdinig sa loob panahong hindi hihigit sa tatlung araw, kung saan ang publiko ay iniimbitahan na magbigay ng input tungkol sa komposisyon ng mga distrito bago magkaroon ng isang paunang mapa o mapa ng iminumungkahing mga hangganan ng mga distrito; at

KUNG SAAN, bago iguhit ang anumang mga mapa ng iminumungkahing mga hangganan ng mga distrito, ang Konseho ng Lungsod ay nagsagawa ng mga pampublikong pagdinig noong Abril 4, 2017 at Abril 18, 2017, kung saan inimbitahan ang publiko at dininig ang mga input nila tungkol sa iminumungkahing mga hangganan ng distrito; at

KUNG SAAN, sa pampublikong pagdinig noong Abril 18, 2017, inutusan ng Konseho ng Lungsod ang kanyang mga demograpikong tagapayo na bumuo ng mga plano ng pagpipiliang pagbabago ng distrito na naglalaman ng anim na mga Distrito ng Konseho; at

KUNG SAAN, noong Abril 27, 2017, ayon sa mga probisyon ng Seksiyon 10010 ng California Elections Code, inilathala ng Lungsod at ginawang magagamit para sa pagpapalabas, ang lahat ng mga iminumungkahing paunang mapa; at

KUNG SAAN, ang mga potensyal na pagkakasunod-sunod ng mga halalan ay inilathala din; at

KUNG SAAN, ayon sa kinakailangan ng Seksyon 10010 ng California Elections Code, ang Lungsod ay nagsagawa ng karagdagang mga pagdinig sa loob ng panahong hindi hihigit sa 45 na araw, ang una noong Mayo 2, 2017, ang pangalawa noong Mayo 16, 2017, at ang ikatlo sa Hunyo 6, 2017, kung saan ang publiko ay iniimbitahan na magbigay ng input tungkol sa nilalaman ng mga paunang mapa at sa potensyal na pagkakasunod-sunod ng halalan; at

KUNG SAAN, ang layunin ng Ordinansang ito ay gumawa ng batas, alinsunod sa Seksyon 34886 ng California Government Code, isang ordinansa na pang-distritong halalan ng mga kasapi ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Fremont sa anim na tig isang-miyembrong distrito, na magpapanatili ng isang hiwalay na Alkalde, gaya ng ipinapakita sa Exhibit 1 sa Ordinansang ito at upang gumawa ng iba pang sumusunod at teknikal na pagbabago sa Chapter 2.05 ng Fremont Municipal Code.

NGAYON, SAMAKATUWID, itinatadhana ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Fremont ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. FMC CHAPTER 2.05, SINUSUGAN

Ang Chapter 2.05 ng Fremont Municipal Code ay sinusugan upang mabasang gaya ng mga sumusunod:

Chapter 2.05 KONSEHO NG LUNGSOD AT ALKALDE

Mga Seksyon:

- 2.05.010 Oras ng mga regular na pulong ng konseho - mga pagliban ng Konseho.
- 2.05.020 Nakalaan
- 2.05.030 Lugar ng mga pulong ng konseho.
- 2.05.040 Lugar ng regular na naka-iskedyul na mga sesyon ng pag-aaral.
- 2.05.050 Espesyal na mga pulong ng konseho.
- 2.05.060 Kabayaran ng alkalde at mga miyembro ng konseho.
- 2.05.070 Reimbursement.
- 2.05.080 Petsa ng halalan ng pangkalahatang munisipal na halalan upang punan ang mga tanggapan ng konseho ng lungsod.
- 2.05.090 Pagpuno sa mga bakante ng konseho.
- 2.05.100 Mga limitasyon ng termino.
- 2.05.110 Habang panunungkulan para sa alkalde at mga miyembro ng konseho.
- 2.05.120 Sa pamamagitan ng pang-distritong sistema ng halalan para sa anim na miyembro ng konseho ng lungsod.
- 2.05.130 Pagtatatag ng mga distrito ng halalan ng konseho ng lungsod.
- 2.05.140 Iskedyul ng halalan para sa mga miyembro ng konsehong inihalal ayon sa distrito.

Sek. 2.05.010 Oras ng mga regular na pulong ng konseho - mga pagliban ng Konseho.

Ang regular na mga pulong ng konseho ng lungsod ay dapat idaos sa unang tatlong Martes ng bawat buwan sa ganap na 7:00 pm; kung saan, na kapag ang anumang mga regular na panahon ng pulong ay tumapat sa isang pista opisyal, walang regular na pulong ang gaganapin sa araw na

iyon, ngunit idaraos sa susunod na araw ng negosyo tulad ng tinukoy ng konseho ng lungsod na gaganapin bilang isang ipinagpaliban na regular na pulong bago ang susunod na regular na pulong. Ang konseho ay nasa bakasyon sa una, ikalawa, ikatlo at ika-apat na Martes sa Agosto, at sa ika-apat na Martes sa Disyembre.

Sek. 2.05.020 Nakalaan

Sek. 2.05.030 Lugar ng mga pulong ng konseho.

Ang lahat ng mga regular na pulong ng konseho ay dapat na ganapin sa kamara ng konseho ng lungsod sa Fremont City Hall, 3300 Capitol Avenue, Fremont, California.

Sek. 2.05.040 Lugar ng regular na naka-iskedyul na mga sesyon ng pag-aaral.

Ang mga regular na naka-iskedyul na sesyon ng pag-aaral ay dapat na ganapin sa kamara ng konseho ng lungsod sa Fremont City Hall, 3300 Capitol Avenue, Fremont, California.

Sek. 2.05.050 Espesyal na mga pulong ng konseho.

Sa anumang panahon, ang apat na mga miyembro ng konseho ng lungsod, o ang alkalde, o sa kanyang pagliban mula sa lungsod o ang kanyang kapansanan, ang alkalde pro tempore, ay maaaring tumawag sa isang espesyal na pulong sa pamamagitan ng paghahatid ng nakasulat na abiso sa bawat miyembro ng konseho at sa bawat lokal na pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon, istasyon ng radyo o telebisyon na humihiling ng abiso sa sulat at pagpaskil ng isang abiso sa website ng lungsod. Ang naturang abiso ay dapat na inihatid nang personal o sa pamamagitan ng iba pang paraan ng hindi bababa sa 24 oras bago ang panahon ng naturang pulong gaya ng tinukoy sa abiso. Ang bawat miyembro ng konseho sa lahat ng panahon ay dapat na may naka-file sa klerk ng lungsod na sa isang address na kung saan maaaring ipadala ang katulad ng mga abiso alinsunod dito. Ang tawag at paunawa ay dapat tukuyin ang oras at lugar ng espesyal na pulong at ang mga pag-uusapan. Walang ibang pag-uusapan ang ikokonsidera sa gayong mga pulong ng konseho. Ang nakasulat na abiso ay maaaring ibigay sa sinumang miyembro ng konseho na nasa o bago magsimula ang pulong ay mag-file sa klerk ng lungsod ng isang nakasulat na pagpapaubaya sa abiso. Ang paubaya ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telegrama. Ang isinulat na abiso ay maaari ring ibigay sa sinumang mga miyembro na naroroon sa pulong sa panahong ito ay magsisimula. Ang lahat ng espesyal na pulong ay gaganapin sa parehong lugar gaya ng itinatadhana sa chapter na ito para sa pagdaraos ng regular na mga pulong ng konseho at sa naturang panahong tinalaga sa abiso at tawag.

Sek. 2.05.060 Kabayaran ng alkalde at mga miyembro ng konseho.

- (a) Ang bawat miyembro ng konseho maliban sa alkalde ay tatanggap ng suweldong \$2,118.89 bawat buwan.
- (b) Ang alkalde ay makakatanggap ng suweldong \$ 3,764.52 bawat buwan.
- (c) Ang mga pagtaas sa kabayaran ay dapat na masuri sa panahon ng bawat cycle na badyet at ang mga pagtaas ay dapat ituring na katumbas ng Consumer Price Index - Lahat ng mga Urban Consumer, sa San Francisco-Oakland-San Jose sa isang halagang hindi

hihigit sa apat na porsiyento. Anumang pagtaas sa suweldo ng mga miyembro ng konseho ay dapat magkabisa lamang sa pagsisimula ng isang bagong termino ng tanggapan ng konseho kasunod ng pagpapatibay ng isang ordinansang nagpapahintulot sa pagtaas. Anumang pagtaas sa mga karagdagang kabayaran ng alkalde (ang halagang lumampas sa halaga ng suweldo ng mga miyembro ng konseho) ay dapat magkabisa tulad ng isinasaad sa ordinansang nagpapatibay sa pagtaas.

Sek. 2.05.070 Reimbursement.

Ang sweldong inutos para sa mga miyembro ng konseho sa Seksyon 2.05.060 ay at ay magiging eksklusibo sa anumang mga halagang pwedeng bayaran sa bawat miyembro ng konseho bilang reimbursement para sa mga tunay at kinakailangang mga gastusin niya sa pagganap ng mga opisyal na tungkulin para sa lungsod.

Sek. 2.05.080 Petsa ng halalan ng pangkalahatang munisipal na halalan upang punan ang mga tanggapan ng konseho ng lungsod.

Alinsunod sa Cal. Gov't Code §36503, ang pangkalahatang halalang munisipal ng lungsod ng Fremont ay gaganapin sa parehong araw ng pambuong-estadong pangkalahatang halalan, tulad ng nakalahad sa Cal. Elec. Code §1301.

Paalala ng Editor: Ang Seksyon 2.05.080 ay orihinal na pinagtibay ng Ord. Blg. 1500 kasunod ng isang pampayong boto ng mga botante ng lungsod ng Fremont noong Abril 1982, na pinapalitan ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan mula Abril sa mga even-ang-numero na mga taon patungo sa Nobyembre sa mga odd-ang-numero na mga taon (ang unang halalan sa ilalim ng probisyon na ito ay ginanap noong Nobyembre 1983, at ang huli ay noong Nobyembre 1991). Ang Seksyon 2.05.080 ay sinusugan ng Ord. Blg. 1977, napapailalim sa pag-apruba ng at na inaprubahan ng mga botante ng lungsod ng Fremont noong Nobyembre 1991, bumoto sa isang may-bisang nonadvisory na sukatan, na binabago ang petsas ng pangkalahatang munisipal na halalan mula sa Nobyembre sa odd-ang-numero na mga taon patungo sa parehong araw ng pangkalahatang halalan ng estado kung saan, alinsunod sa Cal. Elec. Code §1301, ay gaganapin sa unang Martes pagkatapos ng unang Lunes sa Nobyembre sa bawat even-ang-numero na mga taon (ang unang halalan sa ilalim ng probisyon na ito ay itinakda noong Nobyembre 1994). Ord. Blg. 1977 ay naglahad ng maraming mga pagtuklas bilang suporta sa pagbabago ng petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan patungo sa parehong araw ng pambuong-estadong pangkalahatang halalan, kabilang ang mas malaking bilang ng mga botante lumalahok sa pinagsama-samang mga halalang pambansa, pang-estado, pang-rehiyon at lokal na kandidato ng ahensya at mga hakbang; ang benepisyo sa gastusin ng pinagsama-samang mga halalan; at ang pangkalahatang mga benepisyo ng pinagsama-samang pangkalahatang halalang munisipal sa halalan ng lupon ng namamahala ng ilang mga iba pang lokal na mga ahensya na may katulad o halos parehong manghahalal (noong 1991, kasama rito ang distrito ng katubigan ng Alameda County, pinag-isang distrito ng paaralan ng Fremont, distrito ng komunidad ng kolehiyo ng Fremont-Newark (Ohlone), at ng distrito ng ospital ng Washington Township).

Sek. 2.05.090 Pagpuno sa mga bakante ng konseho.

- (a) Kung magkakaroon ng bakante sa isang tanggapan ng mga miyembro ng konseho, ang konseho ng lungsod ay dapat, sa loob ng 60 araw mula sa pagsisimula ng bakante, alinman sa punan ang bakante sa pamamagitan ng paghirang o tumawag ng isang espesyal na halalan upang punan ang bakante. Kung pinunan ng konseho ng bakante sa pamamagitan ng paghirang, ang taong hinirang ay dapat na naninirahan sa distrito ng konseho kung saan naganap ang pagkabakante at hahawakan ang posisyon tulad ng nakalahad sa Seksyon 36512(b)(2) ng California Government Code.

- (b) Kung ang bakante sa isang tanggapan ng mga miyembro ng konseho ay dahil sa pagbibitiw, ang nagbibitiw na miyembro ng konseho ng lungsod ay maaaring gumawa ng isang boto sa paghirang kung ang pagbibitiw ay magkakabisa pagkatapos humirang ng isang kapalit na napapailalim sa mga limitasyon na itinakda sa Seksyon 36512(e) ng California Government Code.
- (c) Kung magkaroon ng bakante sa tanggapan ng alkalde, dapat punan ng konseho ang bakante sa pamamagitan ng paghirang alinsunod sa Seksyon 34902 ng California Government Code. Kung ang konseho ay nabigong punan ito sa loob ng 60 araw, dapat itong tumawag ng isang halalan upang punan ang bakante na gaganapin sa susunod na itinatag na petsa ng halalan na gaganapin nang hindi bababa sa 114 araw pagkatapos noon. Ang isang tao na hinirang o inihalal upang punan ang isang bakante ay dapat manungkulan para sa natitirang termino ng dating nanunungkulan.
- (d) Kung ang konseho ay magpatawag ng isang espesyal na halalan, ang espesyal na halalan ay gaganapin sa susunod na regular na itinatag na petsa ng halalan na hindi bababa sa 114 araw mula sa pagtawag ng espesyal na halalan. Ang isang taong inihalal upang punan ang bakante ay dapat na nakatira sa distrito ng konseho kung saan naganap ang bakante at manunungkulan sa loob ng natitirang termino ng dating nanunungkulan.

Sek. 2.05.100 Mga limitasyon ng termino.

- (a) Walang alkalde na nagsilbi ng kabuuang termino na walong magkakasunod na taon bilang alkalde ang magiging kwalipikado para sa karagdagang serbisyo sa tanggapan na iyon hanggang sa siya ay magkaroon ng pagtigil sa serbisyo sa tanggapan na iyon nang hindi bababa sa apat na taon.
- (b) Walang miyembro ng konseho na nagsilbi ng kabuuang termino na walong magkakasunod na taon bilang miyembro ng konseho ang magiging kwalipikado para sa karagdagang serbisyo sa tanggapan na iyon hanggang sa siya ay magkaroon ng putol sa serbisyo sa tanggapan na iyon nang hindi bababa sa apat na taon.
- (c) Ang mga diskwalipikasyong ipinataw ng seksiyong ito ay hindi dapat pigilan ang isang tao na nadiskwalipika sa pagsilbi bilang alkalde upang magsilbi bilang miyembro ng konseho o ng isang tao na nadiskwalipika sa pagsilbi bilang miyembro ng konseho upang magsilbi bilang alkalde. Subalit, ang sinumang tao na nagsilbi ng terminong binubuo ng 16 na magkakasunod na taon sa mga tanggapan ng alkalde at miyembro ng konseho ay madidiskwalipika sa karagdagang mga serbisyo sa alinmang tanggapan hanggang sa siya ay may isang pagtigil sa serbisyo mula sa parehong mga tanggapan nang hindi bababa sa apat na taon.
- (d) Ang oras na ginugol sa tanggapan habang nagsisilbi ng mas mababa sa isang buong termino ay hindi ibibilang sa pagkalkula ng pagkakasunod ng mga taon sa anumang tanggapan.

- (e) Ang oras na ginugol sa tanggapan bago ang pagpapatibay ng seksiyong ito ay hindi dapat ibilang sa pagkalkula ng pagkakasunod ng mga taon sa anumang opisina.
- (f) Sa pagkalkula ng bilang ng mga taong nagsilbi, buo, apat na-taon na mga termino ay dapat ibilang na apat na taon ng serbisyo kahit na ang panahong sakop ng naturang termino ay maaaring hindi eksaktong apat na taon sa tagal.

Sek. 2.05.110 Habang ng panunungkulan para sa alkalde at mga miyembro ng konseho.

Ang termino ng panunungkulan ng alkalde at ng bawat miyembro ng konseho ay apat na taon.

Sek. 2.05.120 Pang-distritong sistema ng halalan para sa anim na miyembro ng konseho ng lungsod.

- (a) Alinsunod sa Seksyon 34886 at 34871(c) ng California Government Code, ang mga miyembro ng konseho ay dapat ihalal sa pamamagitan ng distrito sa anim (6) na isahang miyembro na mga distrito. Ang alkalde ay hiwalay na ihahalal sa pamamagitan ng boto ng buong lungsod.
- (1) Simula sa pangkalahatang munisipal na halalan sa Nobyembre 2018, ang mga miyembro ng konseho ay dapat ihalal sa mga elektoral na distrito na itinatag ng Seksyon 2.05.130 at gaya ng kasunod na pagpaparte-parte tulad ng nakasaad sa batas ng Estado. Ang mga halalan ay dapat na maganap sa isang pang-distritong batayan dahil ang terminong iyon ay tinukoy sa Seksyon 34871 ng California Government Code; ibig sabihin ay isang miyembro ng Konseho ng Lungsod ay dapat ihalal mula sa bawat distrito, ng mga botante ng distrito lamang, maliban para sa Alkalde, na dapat ihalal sa buong lungsod. Alinsunod sa Seksyon 2.05.110, at maliban kung ibinigay sa Seksyon 2.05.140(b), ang bawat miyembro ng konseho, kabilang ang Alkalde, ay dapat magsilbi ng isang apat na-taong termino hanggang maging kwalipikado ang kanyang kapalit.
- (2) Maliban kung ibinigay sa subdibisyon (b)(3) dito, ang miyembro ng konseho na inihalal upang kumatawan sa isang distrito ay dapat naninirahan sa distrito na iyon at maging isang rehistradong botante sa distrito na iyon, at sinumang kandidato para sa Konseho ng Lungsod ay dapat nanirahan sa, at maging isang rehistradong botante sa, distrito kung saan siya ay naglalayong mahalal sa panahon ng pagbibigay ng mga papel ng nominasyon, alinsunod sa Seksyon 34882 ng California Government Code at Seksyon 10227 ng Elections Code. Ang pagwawakas ng paninirahan sa isang distrito ng isang Miyembro ng Konseho ay dapat lumikha ng isang agarang bakante para sa distrito ng konseho maliban kung ang isang kapalit na tirahan sa loob ng distrito ay maitatag sa loob ng 30 araw matapos magwakas ang paninirahan.
- (3) Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng seksiyong ito, ang mga miyembro ng konseho na nanunungkulan sa panahong maging epektibo na ang Chapter na ito, ay magpapatuloy sa panunungkulan hanggang matapos ang buong termino na kung saan siya ay inihalal at hanggang sa maging kwalipikado ang kanyang kahalili. Sa kabila ng Seksyon 2.05.090, ang mga bakante sa opisina ng konseho na inihalal sa malakihang

halalan ay maaaring punan ng Lungsod sa malakihan. Sa katapusan ng termino ng bawat miyembro ng konseho, ang kapalit ng miyembrong iyon ay ihahalal sa isang pang-distritong batayan sa mga distrito na itinatag sa Seksiyon 2.05.130 at gaya ng nakasaad sa Seksiyon 2.05.140. Ang bakante sa tanggapan ng isang miyembro ng konseho na inihalal sa pamamagitan ng distrito ay dapat punuan ng isang taong kwalipikadong hawakan ang tanggapan, na isang residente ng distrito.

Sek 2.05.130 Pagtatatag ng mga Distrito ng Halalan ng Konseho ng Lungsod.

- (a) Sumasailalim sa Seksiyon 2.05.120(b)(3), ang mga miyembro ng konseho ay dapat ihalal sa isang "pang-distrito" na batayan mula sa mga distrito ng konseho ng inilarawan bilang mga sumusunod:

Distrito 1:

Ang lahat ng mga lupain, sa loob ng lungsod ng Fremont, na namamalagi pahilagang-kanluran ng California State Highway 84, na kilala rin bilang Decoto Road.

Distrito 2:

Ang lahat ng bahaging iyon ng lungsod ng Fremont na namamalagi sa loob ng mga sumusunod na mga hangganan, na inilarawan bilang mga sumusunod:

Simula sa interseksyon ng California State Highway 84, na kilala rin bilang Decoto Road, at Interstate 880, ang sinabing punto ang pinaka-kanto ng Hilagang hangganan ng lungsod ng Newark; pagkatapos ay sa pahilagang-silangan sa kahabaan ng Decoto Road hanggang sa panulukan na Alameda Creek, ang sinabing sapa ang hangganan sa pagitan ng Fremont at Union City; pagkatapos ay sa pahilagang-silangan sa kahabaan ng sinabing sapa hanggang sa interseksyon sa Union Pacific Railroad; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng sinabing linya ng riles ng tren hanggang sa isang junction sa Alameda Creek ; pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan ng sinabing riles ng tren hanggang sa interseksyon sa State Highway 238, na kilala rin bilang Mission Boulevard; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Mission Boulevard hanggang sa interseksyon sa Mowry Avenue; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan ng Mowry Avenue hanggang sa interseksyon sa Parkside Drive; pagkatapos ay sa pahilagang-kanluran sa kahabaan ng Parkside Drive hanggang sa interseksyon sa Country Drive; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan ng Country Drive hanggang sa interseksyon sa Fremont Boulevard; pagkatapos ay sa pahilagang-kanluran sa kahabaan ng Fremont Boulevard hanggang sa interseksyon sa Central Avenue; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan ng Central Avenue hanggang sa interseksyon sa Interstate 880, ang nasabing punto bilang nasa hangganan ng Fremont at Newark; pagkatapos ay sa pahilagang-kanluran sa kahabaan ng nasabing hangganan hanggang sa interseksyon sa Highway 84, ang sinabing punto bilang simula.

Distrito 3:

Ang lahat ng bahaging iyon ng lungsod ng Fremont na namamalagi sa loob ng mga sumusunod na mga hangganan, na inilarawan bilang mga sumusunod:

Simula sa pinaka-silangang kanto sa hangganan ng lungsod ng Newark, ang nasabing punto ay nasa interseksyon ng Stevenson Boulevard at Interstate 880; pagkatapos ay sa pahilagang-kanluran sa kahabaan ng sinabing hangganan sa interseksyon sa Central Avenue; pagkatapos ay sa pahilagang-silangan sa kahabaan ng Central Avenue hanggang sa interseksyon sa Fremont Boulevard; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Fremont Boulevard hanggang sa interseksyon sa Country Drive; pagkatapos ay sa pahilagang-silangan sa kahabaan ng Country Drive hanggang sa interseksyon sa Parkside Drive; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Parkside Drive hanggang sa interseksyon sa Mowry Avenue; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan ng Mowry Avenue hanggang sa interseksyon sa Civic Center Drive; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Civic Center Drive hanggang sa interseksyon sa Walnut Avenue; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan Walnut Avenue hanggang sa interseksyon sa Paseo Padre Parkway; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Paseo Padre Parkway hanggang sa interseksyon sa Stevenson Boulevard; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa kahabaan ng Stevenson Boulevard hanggang sa interseksyon sa interstate 880, ang nasabing punto bilang ang punto ng simula.

Distrito 4:

Ang lahat ng bahaging iyon ng lungsod ng Fremont na namamalagi sa hilaga at silangan ng mga sumusunod na linyang inilarawan:

Simula sa interseksyon ng Interstate 680 na may pahilagang-silangang hangganan ng lungsod ng Fremont; pagkatapos ay sa patimog-kanluran sa interseksyon sa Washington Boulevard; paagkatapos ay pakanluran sa kahabaan ng Washington Boulevard hanggang sa interseksyon sa Driscoll Road, pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan ng Driscoll Road hanggang sa Paseo Padre Parkway; pagkatapos ay pahilagang-kanluran sa kahabaan ng Paseo Padre Parkway hanggang sa Walnut Avenue; pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan Walnut Avenue hanggang sa Civic Center Drive; pagkatapos ay pahilagang-kanluran sa kahabaan Civic Center Drive hanggang sa Mowry Avenue; pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan Mowry Avenue hanggang sa State Highway 238, na kilala rin bilang Mission Boulevard; pagkatapos ay pahilagang-kanluran sa kahabaan ng Mission Boulevard hanggang sa Union Pacific Railroad; pagkatapos ay patimog-kanluran at pahilagang-kanluran sa kahabaan ng sinabing linya ng riles ng tren hanggang sa interseksyon sa Hangganan ng lungsod ng Fremont.

Maliban doon ang mga Distrito 2 at 5, tulad ng inilarawan sa dokumentong ito.

Distrito 5:

Ang lahat ng bahaging iyon ng lungsod ng Fremont na namamalagi sa timog ng mga sumusunod na linyang inilarawan:

Simula sa pinakasilangang kanto sa hangganan ng lungsod ng Newark, ang nasabing punto ay ang interseksyon ng Stevenson Boulevard at Interstate 880; pagkatapos ay sa patimog-silangan sa kahabaan ng Interstate 880 hanggang sa interseksyon sa Auto Mall Parkway; pagkatapos ay

pahilagang-silangan sa kahabaan ng Auto Mall Parkway sa interseksyon sa interstate 680; pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan ng Interstate 680 hanggang sa interseksyon sa hangganan ng lungsod ng Fremont.

Distrito 6:

Ang lahat ng bahaging iyon ng lungsod ng Fremont na namamalagi sa loob ng mga sumusunod na mga hangganan, na inilarawan bilang mga sumusunod:

Simula sa interseksyon ng Washington Boulevard at Interstate 680; pagkatapos ay patimog sa kahabaan ng Interstate 680 hanggang sa Auto Mall Parkway; pagkatapos ay patimog-kanluran sa kahabaan ng Auto Mall Parkway hanggang sa interseksyon sa Interstate 880 pagkatapos ay pahilagang kanluran sa kahabaan ng interstate 880 patungo sa interseksyon sa Stevenson Boulevard; pagkatapos ay pahilagang-silangan sa kahabaan ng Stevenson Boulevard hanggang sa interseksyon sa Paseo Padre Parkway; pagkatapos ay patimog-silangan sa kahabaan ng Paseo Padre Parkway hanggang sa interseksyon sa Driscoll Road; pagkatapos ay patimog-kanluran sa kahabaan ng Driscoll Road hanggang sa interseksyon sa Washington Boulevard; pagkatapos ay pasilangan sa kahabaan ng Washington Boulevard patungo sa punto ng simula.

- (b) Ang mga distrito ng konseho na tinukoy sa subdibisyon (a) ay magpapatuloy hanggang sa sila ay susugan o pawalang bisa alinsunod sa batas.

Sek. 2.05.140 Iskedyul ng halalan para sa mga miyembro ng konsehong inihalal ayon sa distrito.

- (a) Ang mga Miyembro ng Konseho ay ihahalal sa mga Distrito ng Konseho _____, _____, _____, at _____ [ang Distrito 2 at 3 ay dapat na isama sa halalan sa 2018; at Distrito 5 ay ibinukod] simula sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 2018, at bawat apat na taon pagkatapos nito, maliban kung itinatadhana sa Seksyon 2.05.140(b) at napapailalim sa mga limitasyon sa terminong inilarawan sa Seksyon 2.05.100.
- (b) Sa kabila ng subseksiyon (a), sa itaas, at napapailalim sa subsection (d), sa ibaba, ang mga miyembro ng konsehong inihalal mula sa Distrito ng Konseho _____ sa 2018, ay maglilingkod ng isang dalawang taong termino.
- (c) Ang mga miyembro ng konseho mula sa Distrito ng Konseho _____ at _____ [Ang Distrito 5 ay dapat na isama sa halalan sa 2020] ay ihahalal simula sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 2020, at bawat apat na taon pagkatapos nito, na napapailalim sa mga limitasyon sa termino na inilarawan sa Seksyon 2.05.100.
- (d) Ang miyembro ng konsehong inihalal mula sa Distrito ng Konseho _____ sa 2018, ay sasailalim muli sa halalan sa Nobyembre 2020, at bawat apat na taon pagkatapos nito, na napapailalim sa mga limitasyon ng termino na inilarawan sa Seksyon 2.05.100.

SEKSYON 2. MAPA NG DISTRITO

Ang isang mapa na nagpapakita ng mga distritong inilarawan sa Ordinansang ito ay kalakip dito bilang Exhibit 1 at inkorporada ng reference na ito. Sa lawak na mayroong salungatan sa pagitan ng mga paglalarawan na nakapaloob sa Ordinansa nakasulat sa Chapter na ito at sa mapang isinasama dito, ang mapa ang mangingibabaw. Kung kinakailangan upang mapadali ang pagpapatupad ng Ordinansang ito, ang Tagapamahala ng Lungsod o ang kanyang itinalaga ay awtorisadong gumawa ng mga teknikal na mga pagsasaayos sa mga hangganan ng distrito na hindi nagagawang makaapekto ng malaki sa mga populasyon sa mga distrito, ang pagiging karapat-dapat ng mga kandidato, o ang tirahan ng mga inihalal na opisyal sa loob ng anumang distrito. Ang Tagapamahala ng Lungsod ay dapat sumangguni sa Abugado ng Lungsod hinggil sa anumang mga teknikal na pagsasaayos na itinuturing na kailangan at dapat payuhan ang Konseho ng Lungsod ng anumang naturang mga pagsasaayos na kinakailangan sa pagpapatupad ng mga distrito.

SEKSYON 3. CEQA

Napag-alaman ng Konseho ng Lungsod na ang mga panukalang pagbabago sa Fremont Municipal Code ay labas sa mga kinakailangan ng California Environmental Quality Act (CEQA) alinsunod sa Titulo 14 ng California Code of Regulations, Seksyon 15061(b)(3) na ito ay hindi isang proyekto na may potensyal para magdulot ng isang makabuluhang epekto sa kapaligiran.

SEKSYON 4. EPEKTIBONG PETA

Ang ordinansang ito ay magkakabisa 30 araw matapos pagtibayin.

SEKSYON 5. KAKAYAHANG IHIWALAY

Kung ang anumang seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay o parirala ng ordinansang ito ay para sa anumang kadahilanan na itinakda ng isang hukuman na may sapat na hurisdiksyon na hindi balido, ang naturang desisyon ay hindi dapat makaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi ng ordinansang ito. Ang ganitong mga seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay o parirala, sa halip, ay sasapawan at papalitan ng kaukulang probisyon, kung may umiiral, ng Titulo 24 ng California Code of Regulations. Ipinapahayag ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Fremont na ipapasa sana ang ordinansang ito at ang bawat seksyon o subseksyon, pangungusap, sugnay at parirala niyaon, na hindi sinasa-alang-alang ang katotohanan na ang isa o higit pang mga seksyon, subsection, pangungusap, sugnay o parirala ipinahayag ai maideklarang hindi wasto.

SEKSYON 6. PUBLIKASYON

Ang ordinansang ito ay dapat na ilathala nang isang beses sa isang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon, na inilimbag at inilathala sa Alameda County at ipapakalat sa Lungsod ng Fremont, sa loob ng labinlimang (15) araw pagkatapos ng pagpapatibay nito.

* * *

Ang nabanggit na ordinansa ay ipinakilala sa Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Fremont sa regular na pulong ng Konseho ng Lungsod na ginagawa sa ika-__ na araw ng _____, 2017 at sa katapusan ay pinagtibay sa isang regular na pulong ng Konseho ng Lungsod na ginanap sa ika- __ na araw ng _____, 2017 sa pamamagitan ng mga sumusunod boto:

PABOR:

HINDI PABOR:

WALA:

HINDI BUMOTO:

Alkalde

PATUNAY:

PINAGTIBAY AYON SA ANYO:

Klerk ng Lungsod

Katulong na Abugado ng Lungsod